

# Balitang Manmin

BILANG 195 ENERO 21, 2018

## Umapaw ang Maalab na Kapangyarihan ng Banal na Espiritu Sa mga Seminar para sa mga Pastor at mga Pagpupulong na may Panyong Nakapagpapagaling sa Thailand, Kenya, at DR Congo



Mula Nobyembre 6 hanggang 22, 2017, nagmision si Rev. Dr. Heesun Lee, Tagapatnubay na Pastor ng Manmin sa Buong Mundo, para manguna sa mga seminar para sa mga pastor at sa mga pagpupulog na may panyong nakapagpapagaling sa Thailand, Kenya, at DR Congo (Ang Power Chorus ang namahala sa mga pagtatanghal, litrato 5).

Ang unang misyon sa biyaheng ito ay seminar para sa mga pastor mula sa Indochina. Idinaos ito sa Mekong Delta Hotel, Mae Sai, Thailand noong Nobyembre 7. Dinaluhan ito ng mga lokal na pastor at mga lider ng iglesia mula sa Myanmar, Laos, Vietnam, Cambodia, at Malaysia (litrato 4). Inihatid ni Rev. Lee ang mensaheng may titulong “The Holy Spirit’s Voice, Urging, and Guidance.” Base ito sa Mga Taga-Roma 8:12-16. Pagkatapos ng mensahe, binigyan ang mga dumalo ng pagkakataon na suriin ang sarili nila, lumuhod sila at umiyak habang nagsisisi sa mga kasalanan nila. Habang puspos sila ng Espiritu at nagpupuri, bumaba ang apoy sa kanila, gumaling sila mula sa mga karamdaman.

Noong Nobyembre 8, nagdaos si Rev. Lee ng pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa Chiang Rai Manmin Church (Pinagpapastoran ni Jaewon Lee). Dahil sa panalangin niya, maraming gumaling mula sa autism, diabetes, hika, panlalabo ng

mga mata, at pagkabingi (litrato 9-10).

Noong Nobyembre 12, pumunta sa Kenya si Rev. Lee, nanguna siya sa pagsamba para sa ika-17 anibersaryo ng iglesia at sa pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling (Bishop Dr. Myongho Cheong). Inihatid niya ang mensaheng “The Flow of Whole Spirit” sa anibersaryo, batay ito sa 1 Mga Taga-Corinto 12:17. May 3,300 tao ang dumalo dito, kabilang na ang mga bishop mula sa anim na bansang Africa, tulad ng South Sudan, Uganda, at Tanzania at mga pastor na nag miministryo mula sa mga sangay na iglesia sa 18 lugar sa Kenya. Sa pagpupulong na may panyong nagpapagaling, maraming gumaling mula sa mga karamdaman tulad ng fibroid tumor, rayuma, malabong paningin, at problema sa pandinig (litrato 7-8).

Kinabukasan, Nobyembre 13, idinaos ang seminar para sa mga pastor sa Kenya. Ang titulo ng seminar ay “The Holy Spirit’s Voice, Urging, and Guidance.” Maraming pagpapala ang nakuha ng mga dumalo, nagpahayag sila ng pagnanais matutuhan pa ang ebanghelyo ng kabanalan.

Noong Nobyembre 16, bumisita si Rev. Lee sa DR Congo at nanguna sa seminar para sa mga pastor ng Kinshasa, dinaluhan ito ng maraming mga bishop at maimpluwensyang mga lokal na pastor. Ibinahagi ulit ni Rev.

Lee ang mensaheng “The Holy Spirit’s Voice, Urging, ang Guidance.” Tumanggap ng malaking pagpapala ang mga bishop at pastor, pinagsisihan nila na hindi sila nagkakaisa, at nagtatag sila ng mas matibay na relasyon at pakikisama sa isa’t isa.

Kinabukasan, nagdaos siya ang pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa Church of the Living God (Bishop Jacques Neema Sikatenda). Pagkatapos ipangaral ang mensaheng “God the Healer” (Exodo 15:26), nanalangin siya, hawak niya ang panyong may kapangyarihan ng Diyos. Dahil sa panalangin, nakalaya ang isang lalaking sinapihan ng demonyo, nakalaya ang iba mula sa maraming klaseng karamdaman tulad ng luslos, allergic rhinitis, epekto ng stroke, at hirap sa paglalakad.

Pagdating ng Nobyembre 18, nagdaos ng ika-10 anibersaryong pagsamba ang Kinshasa Manmin Church (Pastor Jacob Lee), idinaos din nila ang pagdiriwang ng pagpapasinaya at pagpapagaling gamit ang panyo. Ipinangaral ni Rev. Heesun Lee ang mensaheng “The Shepherd’s Fruit” mula sa Mga Awit 126:5-6 (litrato 6). Nang manalangin siya gamit ang panyo, ang isang taong maysakit na AIDS ay tumanggap ng apoy mula sa Banal na Espiritu at gumaling ang karamdaman niya. Marami pang ibang gumaling mula sa maraming klaseng karamdaman, naging malinaw ang

paningin, at pandinig. Niluwalhati nila ang pangalan ng Panginoon sa mga patotoong ibinahagi nila (litrato 11-12).

Pagdating ng araw ng Linggo, Nobyembre 19, nagdaos ng isa pang pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling sa Christian Ministry of Spiritual Combat (Rev. Elisabeth Olangi Wosho). Ito ay isa sa pinakamalaking iglesia sa DR Congo. Ibinahagi niya ang mensaheng “God the Healer” (Exodo 15:26), at nanalangin siya hawak ang panyo. Dahil sa panalangin, nakalaya ang isang babaeng sinapihan ng demonyo, at marami pang ibang gumaling mula sa karamdaman tulad ng AIDS, malaria, apendicitis, at iba’t ibang sakit sa katawan (litrato 1-3, 13).

Nagpasalamat si Rev. Elisabeth Olangi Wosho sa mahalagang mensahe at mga makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu na pumuspos sa mga miyembro. Ginawaran niya si Dr. Jaerock Lee ng plake ng pagpapasalamat dahil ito ang nagpadala ng grupong nagmision sa iglesia niya, ipinaabot niya ito kay Rev. Lee. Ang ministryo ng pagpapagaling sa Christian Ministry of Spiritual Combat ay naibroadcast sa limampung mga bansa sa pamamagitan ng CVV TV at RTGA TV. Ipinahayag ng mga taga-Angola at London ang pagpapasalamat sa idinaos na pagpupulong pagkatapos nilang mapanood ito sa TV.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

“Ang Diyos ay espiritu, at ang mga sumasamba sa Kanya ay kailangang sumamba sa espiritu at katotohanan.”  
(Juan 4:24)

# Kalooban ng Diyos Ama

hinirang si David bilang susunod na hari, inakusahan siyang traydor, tumakas siya patungo sa desyerto at sa ibang bansa. Dahil sa banta sa buhay niya, kinailangan niyang magpanggap na baliw. Habang naghahanap siya ng makakain para sa mga tauhan niya, matinding pangungutya o pang-iinsulto ang ginawa sa kanya ng isang taong walang galang. Minsan, iniligtas niya ang mga mamamayan ng Keilah mula sa mga Filisteo, pero, kahit tinulungan sila ni David, sinabi nila kay Saul kung saan ito nagtatago. Pinagtaksilan si David, at minsan tinangka din ng mga tagasunod nito na batuhin siya hanggang sa mamatay.

Habang nakakaranas siya ng mga pagsubok sa loob ng mahabang panahon, nakapagsulat siya ng magagandang awitin. Pinuri ni David ang Diyos sa araw at gabi, kahit ano pa ang kalagayan niya, dahil dito, ibinigay ng Diyos sa kanya ang pinakamabubuting bagay. Isa sa mga ito ang buong bansang Israel. Minahal siya ng Diyos at ginawang hari na minamahal ng mga tao. Pinarangalan siya ng mga bansang malapit sa kanila.

Ang pinakamabubuting bagay na nais ibigay ng Diyos sa bawat isa sa atin ay kasaganahan ng ating mga kaluluwa. Maaaring magkaroon ng mga pagsubok, pero, isang paraan lang ito patungo sa mga biyaya na tumutulong sa atin na magkaroon ng pusong tapat at perpektong pananampalataya. Kaya dapat tayong magtiwala sa Diyos na nagbibigay ng pinakamabuti para sa atin. Intindihin natin kung bakit pinapayagan ng Diyos na maranasan natin ang ganitong mga pangyayari kahit Siya ay mabuti at mapagmahal. Bukod dito, pasalamat natin Siya ng taos-puso sa lahat ng bagay, magtiwala tayo sa Kanya.

## 2. Naniniwala sila na ang pag-iisip ng Diyos ay higit na mataas kaysa sa pag-iisip nila

Sinasabi ng Isaias 55:9, “Sapagkat kung paanong ang langit ay higit na mataas kaysa lupa, gayon ang Aking mga pamamaraan ay higit na mataas kaysa inyong mga pamamaraan, at ang Aking pag-iisip kaysa inyong pag-iisip.” Sinasabi ng unang bahagi ng 1 Mga Taga-Corinto 1:25, “Sapagkat ang kahangalan ng Diyos ay higit na matalino kaysa mga tao.” Ibig sabihin, napakataas ng katalinuhan

ng Diyos, higit na mataas ito kaysa sa katalinuhan ng tao, hindi ito pwedeng ikumpara.

Halimbawa, sa paggawa ng isang bagay, iisa lang ang paraan ng tao dahil may hangganan ang lakas ng katawan niya. Pero, ang Diyos na espiritu ay may dalawa, tatlo, apat o higit pang paraan na mas mabuti pa sa paraan ng tao. Tinatanggap ng mga taong naniniwala sa Diyos na higit na mataas at mabuti ang paraan ng Diyos. At kahit dalhin sila ng Diyos sa situwasyon na hindi nila inaasahan, nagpapasalamat pa rin sila.

Ganito rin ang nangyari kay David. Nais ni David magtayo ng Templo para ihandog sa Diyos. Pero, hindi ito ang kalooban ng Diyos. Ang kalooban Niya ay ang anak ni David na si Solomon ang magtatayo ng Templo kapag pumanaw na si David. Hindi siya nagdamdam sa desisyon ng Diyos, ni hindi niya nilabanan ang kalooban nito. Kahit hindi siya ang magtatayo ng Templo, inihanda niya ang mga materyales na gagamitin sa pagtatayo nito pati ang mga mang-aawit at mga manggagawa para sa Templo.

Kahit maparaan siya, tinatanong pa rin niya ang Diyos tungkol sa kaliit-liitang mga bagay. Nang sumuway siya sa kalooban ng Diyos nang hindi sinasadya, nagpakumbaba siya at nagsisi ng matanto niya ito. Agad siyang nagbago ayon sa kalooban ng Diyos. Nagpatuloy ang pagpapakumbaba niya kahit naging hari siya at naging malakas ang bansa niya. Hinahangad niya lagi ang kalooban ng Diyos (Mga Awit 25:5).

Kapag nagpapakumbaba kayo sa espiritu at katawan, matatanggap ninyo agad na ang kalooban ninyo ay pwedeng maging iba sa kalooban ng Diyos. Pero ano kaya ang magiging damdamin ninyo kapag mas nasanay na kayo at nabigyan ng mas mataas na posisyon, tulad ng isang lider o guro? Sa halip na itanong sa Diyos kung ano ang kalooban Niya sa lahat ng pagkakataon tulad ng ginawa ni David, baka isipin ninyo na alam na ninyo ang kalooban ng Diyos kaya ipipilit ninyo ang opinyon ninyo.

Magtiwala kayo na ang pag-iisip ng Diyos ay mas mataas kaysa sa inyo, makinig at isa-isip ninyo ang salita ng Diyos. Dapat din ninyong pakinggan ang sinasabi ng Banal na Espiritu na manalangin sa lahat ng pagkakataon.

Umaasa ako na maayos na matutupad sa buhay ninyo ang kalooban ng Diyos.

## 3. Sumusunod sila sa kalooban ng Diyos

Ang mga naniniwala na ibinibigay ng Diyos sa kanila ang pinakamabubuting bagay at ang pag-iisip Niya ay higit na mataas kaysa sa pag-iisip nila ay susunod sa mga salita Niyang natutuhan nila. Ganito ang ginawa ni David. Sa 1 Mga Hari 15:5, mababasa natin kung bakit ipinadanas ng Diyos sa bansang Israel ang pinakamabubuting panahon sa ilalim ng paghahari ni David at Solomon.

Sinasabi, “Sapagkat ginawa ni David ang matuwid sa mga mata ng PANGINOON, at hindi lumihis sa anumang bagay na iniutos Niya sa kanya sa lahat ng araw ng kanyang buhay, maliban lamang ang tungkol kay Urias na Heteo.” Siyempre, batid na natin na lubos na nagsisi si David dahil inagaw niya si Batseba at hinayaang mamatay si Urias. Iwinaksi niya ang kasalanang ito, at tinanggap ang kaparusahan mula sa Diyos.

Dahil dito, hindi lang siya itinaas ng Diyos na kilala at pinakamahusay na hari sa mundong ito, itinatag pa siya bilang dakilang nilalang sa langit na tatamasa ng karangalan magpakailanman. Kapag susundin ninyo ang salita ng Diyos, sasagutin Niya ang mga dalangin ninyo, tatanggap kayo ng mga biyaya at kasaganahan. Gaya ng sinasabi ng Isaias 1:19, “Kung kayo’y sasang-ayon at magiging masunurin, kayo’y kakain ng mabubuting bagay sa lupain.” Kaya umaasa ako na tatanggapin ninyo ang mga kasagutan ng inyong mga panalangin dahil sa kusang pagsunod ninyo at magkaroon kayo ng buhay na puno ng pagpapasalamat.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, puno ng pag-ibig ang Diyos Ama, ibinibigay Niya sa atin ang mabubuting bagay. Tinupad ng Diyos ang kalooban Niya sa pamamagitan ni David, at sa pagtupad nito, ipinakita Niya ang pagmamahal Niya kay David. Punong pagpapasalamat si David habang siya ay nabubuhay, at pinuri niya ang Diyos sa kamatayan. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na maging mapagpasalamat din kayo tulad ng sinulat ni David sa mga awit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang

hanggang Langit.


5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles’ Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito. “Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25) “Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

## Balitag Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389  
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048  
Website: <http://www.manmin.org/english>  
[www.manminnews.com](http://www.manminnews.com)  
Email: [manminen@manmin.kr](mailto:manminen@manmin.kr)  
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Tagalog



## Nagsisi ang mga Pastor mula sa Thailand, Kenya, at DR Congo, Nadama Nila ang Dakilang Pag-ibig ng Diyos!

### “Makapangyarihan ang mensahe!”



Pastor Peter Njau, Presidente ng Kenya Evangelization Association, Nairobi

Maraming pastor ang dumalo sa seminar, nakakamangha! Dapat mapakinggan ng lahat ng pastor sa buong mundo ang mensahe, totoo ang mensahe, totoong makapangyarihan ito. Ipinaliwanag ni Rev. Heesun Lee kung paano makiking sa tinig ng Banal na Espiritu

sa maliwanag at naiintindihang paraan ayon sa Biblia para mapatnubayan Niya tayo. Natutuhan ko kung anong dapat gawin ng mga pastor at nagpapasalamat ako sa ebanghelyo ng kabanalan. Nagpapasalamat ako kay Dr. Jaerock Lee na tapat sa pagtanggap ng ebanghelyo ng kabanalan mula sa Diyos. Umaasa kami na magdadaos si Dr. Lee ng krusada ng pagkakaisa sa Africa.

### “Hinahangad kong maging banal, kaya dumalo ako!”



Rev. Dr. Charles Kelani, Kinatawan ng Worldwide African Missions Association

Hinaplos at binago ng mensahe ang mga puso namin. Nagkaroon kami ng pag-asa para sa mga ministryong gagawin sa mga darating na araw. Masaya ako at nagpapasalamat dahil nakadalo ako sa seminar na ito. Muli kong natanto na nananahan

sa atin ang Banal na Espiritu, nais Niyang makipag-usap sa atin. Dapat nating pakinggan ang salita Niya at kausapin Siya tungkol sa lahat ng bagay. Binigyan ako ng pag-asa ng mensahe na magpakabanal. Nagpapasalamat ako sa mahalagang mensaheng ito na kinakailangan sa panahon ngayon.

### “Totoo ang mensahe at mula ito sa Salita ng Diyos!”



Pastor Tite, Christian Ministry of Spiritual Combat, Gabon

Ang krusada na idinaos sa Christian Ministry of Spiritual Combat ay naibroadcast sa CVV TV at RTGA TV sa pamamagitan ng satellite na umaabot sa 50 bansa. Umaasa ang mga misyonero namin sa mga sangay na darating si Dr. Jaerock Lee at babasbasan kami. Gusto namin siyang makita dahil ipinapakita niya kung paano tatanggapin ang dakilang pagpapala mula sa Panginoon. Marami ng simbahan ngayon pero hindi lahat ng mga ito ay nangangaral ng Katotohanan. Sinasabi nila sa mga tao na gawin ito at gawin iyan, pero

hindi ito nagmumula sa karunungan na mula kay Jesu-Cristo. Pero, malalim ang kaalaman ng Manmin Central Church tungkol sa Salita ng Diyos. Napuno ang 40,000 upuan ng iglesia, puno ng pagpapala at emosyon ang krusada. Damangdama ko ang presensya ng Diyos. Pagkatapos nilang umiyak dahil sa matinding pagsisisi, nakakamanghang napuno ng kahanga-hangang mga himala ang santuwaryo. Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagpakita ng dakilang kapangyarihan sa Panginoon na hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman.

### “Gumaling ang sakit sa puso ko pagkatapos kong matanto ang kalooban ng tunay na pastor!”



Pastor Woraphon Yingwathanakun, Bise Presidente ng Samahan ng mga Pastor sa Indochina Peninsula

Nakasulat sa Ang Mga Gawa 19:11-12 ang tungkol sa mga panyo o balabal na dinadala sa mga maysakit mula sa katawan ni apostol Pablo, at gumaling sila, pati mga masasamang espiritu ay nagsilayas. Ang mga hindi pangkaraniwang pangyayaring ito ay nagaganap sa Manmin Central Church. Noong taong 2008, bumisita ako sa Korea at tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee sa panyong dala-dala ko. Ibinahagi ko ang ebanghelyo sa isang salamangero na nasa kalapit nayon, dala ko ang panyong makapangyarihan. Tumanagagap sa Panginoon ang pamilya niya at ang mga taong nasa nayon. Nazareth na ang tawag nila

sa nayong ito. Kahit naranasan ko na ang mga dakila at makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu, nagdalawang-isip ako kung magmiministeryo ako o magpapatuloy ako sa pagtatrabaho ng walang kinalaman sa iglesia. Napagtanto ko na hindi ako naging tapat sa mga kaluluwa bilang pastor. Pinagsisihan ko ng lubos ang mga maling ginawa ko habang nasa seminar para sa mga pastor ng Indochina Peninsula. Pagkatapos ng pagsisisi, lumapit sa akin si Rev. Heesun Lee at inilapat sa dibdib ko ang panyong makapangyarihan. Nang sandaling iyon, bumaba sa akin ang apoy ng Banal na Espiritu, pinagaling nito ang sakit ko sa puso. Nawala lahat ng hirap sa paghinga, abnormal na pagtibok ng puso, at panghihina! Hallelujah!

Kapatid Pakpum, 21 taong gulang, Thailand

“Ipinanganak ako na may autism. Hindi ako makatingin sa mga mata ng ibang tao, hindi maintindihan ang mga sinasabi ko. Pero nang ipanalangin ako, nakakatingin na ako ng derecho sa ibang tao at naiintindihan na nila ang sinasabi ko.”



### Kamangha-mangha ang kagandahan nito!

Kapatid na Waesada, 30 taong gulang, Myanmar

“Sa nakalipas na sampung taon, hirap akong makipag-usap sa ibang tao dahil mahina ang pandinig ko. Natatakot akong humarap sa kanila. Pagkatapos ng panalangin, bumalik ang malinaw na pandinig ko!”



Kapatid Bulanseke Dorcas, 18 taong gulang, DR Congo

“Magmula ng ipanganak ako, malabo na ang paningin ko. Nahihirapan akong mag-aral. Pero pagkatapos ng panalangin, bumuti ang paningin ko, Nababasa ko na ang mga libro.”



Kapatid Mary Musisi, 38 taong gulang, Kenya

“Sumasakit ang fallopian tube ko, dahil dito, pati ang ulo ko apektado, parang may impeksyon sa sinus. Malabo ang isang mata ko, kaya hindi ako makabasa ng maliliit na letra. Pero pagkatapos ng panalangin, lahat ng masasakit ay nawala, nababasa ko na ang maliliit na letra!”



## “Lumalaki na ang anak ko pero hindi pa rin siya makapagsalita, gumaling siya nang ipanalangin!”

Kapatid Bomi Choi, 36 taong gulang, Parokya 6, Manmin Central Church



Apat na taong gulang na ngayon ang anak kong lalaki na si Woobin. Noong 38 buwan siya, hindi pa rin siya makapagsalita ng maayos. Kapag sinasabi ko sa kanya, “Woobin, ito ay kotse, kotse,” hindi siya sumusunod, ang sinasabi lang niya ay, “Oo.” Marami na ang nasasabi ng ibang batang kedad niya. Pero mga tatlong salitang hindi maintindihan ang nasasabi ni Woobin, parang 18-20 buwan na sanggol lang siya.

Hindi niya kayang makipag-usap sa mga kaibigan niya, kaya dinadaan na lang niya sa pagtulak o pagsalya ang pagpapahayag niya ng damdamin. Noong Hulyo 10, 2017, dinala ko siya sa isang ospital na espesyalista ng mga karamdaman ng mga bata. Ayon sa pagsusuri, hindi nadedebelop ang kakayahan niyang magsalita.

Sinabi ng doctor na kakailanganin niyang sumailalim sa language therapy, cognitive therapy, at occupational therapy dahil naaantala ang pagdebelop ng kakayahan niya. Gagastos ako ng \$1,000 dolyar bawat buwan para dito. Pinayuhan ako ng doktor na humingi ng tulong sa iglesya dahil malaki ang gagastusin ko. Sinabi pa niya na kung hindi gagamutin ng tama si Woobin magiging autistic ito. Ikinabigla ko ang balitang ito. Hindi ko maisip kung paano ko tutulong ang anak ko. Noong panahong iyon, tumatanggap ang iglesya ng mga taong nagpaparehistro para mapagaling sa darating na retreat sa tag-init ng Manmin 2017. Nilista ko ang pangalan ng anak ko, isinulat ko rin ang karamdaman niya, ‘hindi makapagsalita ng maayos.’

Noong Agosto 7, dumalo ako sa Retreat sa Tag-init ng Manmin 2017. Habang idinadaos ang pagpupulong na may pagpapagaling ng Diyos, idinalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mga maysakit pagkatapos ng seminar. Tinanggap ko ang panalangin para kay Woobin. Pagkatapos ng panalangin, sinabi sa akin ni Woobin, “Nanay, nasan ang tita ko? Umalis na ba siya?” Ni hindi pa siya nakapagsalita ng isang pangungusap dati, kaya namangha ako. Noong Agosto 9, nang sabihin ng Punong Pastor na idadalangin niya ulit ang mga maysakit sa pagsamba at papuri sa campfire, tiniklop ni Woobin ang mga kamay niya sa may dibdib niya at sinabi, “Manalangin.” Tinanggap niya ang panalangin, at sinabing, “Amen. Amen.”

Noong Agosto 10, dahil nakatiyak kami na gagaling siya, pumunta kami sa ospital at isinailalim siya sa mga pagsusuri. Sinabi ng doktor na imposible na gumaling ang isang batang malala ang kalagayan sa loob lang ng isang buwan. Hindi siya makapaniwala. Magmula noon, madaldal na ang anak ko, marami na siyang nasasabi. Hallelujah!

Pagkapanganak ko sa kanya, nakitang may apat na butas sa puso niya pero dahil sa panalangin ng Punong Pastor, gumaling siya ng lubusan. Nakalimutan ko ang mga biyaya ng Diyos at tinalikuran ko ang kalooban Niya na nagnanais na magbigay sa akin ng pinagpalang buhay. Nagsisi ako, itinanim ko sa puso ko ang pag-ibig ng Panginoon sa puso ko, Siya ang nagpoprotekta sa atin at nagbibigay ng kapangyarihan sa pastol.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na hindi ako iniiwan. Dinadala Niya ako sa daan patungo sa kaligtasan at pagpapala. Ang Panginoon ang tumubos sa akin mula sa aking mga kasalanan. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor na nanalangin para sa amin ng may malaking pagmamahal.

## “Gumaling ang anak kong si Isu mula sa hydronephrosis!”

Kapatid Jinju Lee, 31 taong gulang, Parokya 6, Manmin Central Church

May nakakabiglang balita mula sa ospital pagkatapos sabihin sa akin na nagdadalantao ako. Ika-limang buwan na ng pagbubuntis ko. May problema sa pag-ihing sanggol. Dahil dito, namaga ang bato niya at kumapal ang urinary bladder niya. Napapasukan din ng tubig ang bato niya.

Pagkalipas ng dalawang linggo pagkapanganak ko sa kanya, inoperahan siya. Binuksan ang daanan ng ihi. Pagkatapos ng anim na buwan, sinuri ulit siya. Kahit inoperahan na siya, barado pa rin ang daanan ng ihi, at makapal pa rin ang urinary bladder niya. Hindi ito lumiit at lumambot. Sinabi sa akin ng doktor na painumin ang anak ko ng gamot sa loob ng anim na buwan, pero, nagbabala siya na hindi ito lubos na gagaling agad. Sinabi din niya na baka habambuhay na kailangang inumin ng anak ko ang gamot.

Magmula noong bata pa ako, dumadalo na ako sa Manmin, pinapakinggan ko ang ebanghelyo ng kabanalan. Pero hindi ko isinabuhay ang katotohanan at maligamgam ang pananampalataya at relasyon ng pamilya namin sa Diyos. Inisip ko na ang maligamgam kong pananampalataya ang dahilan ng pagkakasakit ng anak ko. Ang problema ko ay naging problema niya. Nagsisi ako ng lubos.

Naniwala ako na pagagalingin ng kapangyarihan ng Diyos na Manlilikha ang anak ko sa pamamagitan ng panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Dahil sa paniniwala kong ito, hindi ko binigyan ng gamot ang anak ko, sa halip, hindi ako kumain ng agahan, nag-ayuno ako sa loob ng anim na buwan. Pinakinggan namin ng anak ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa maysakit, ang tatlong minutong sermon na naka-record sa telepono (Automatic Response System), at mga papuring Manmin. Nang pumunta ang Punong Pastor sa malaking iglesya mula sa kanyang bundok panalanginan, pinuntahan namin siya ng anak ko. Idinalangin niya nang buong pagmamahal ang anak ko, ipinatong niya ang kamay niya sa ulo ng anak ko.

Habang lumalaki ang paghahangad ko, nagkaroon ng kaganapan ang iglesya noong Mayo 15, 2017. Tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor nang may pananampalataya at pag-asa para sa lubos na paggaling ng anak ko. Nang kamayan ko siya, tiningnan niya ang anak ko, hinaplos niya ang ulo nito.

Kinabukasan, bumalik kami para sa nakatakdang pagsusuri ng anak ko. Sumenyas ang doktor ng ‘thumbs up’ at sinabing, “Magaling na ang anak ko! Naging normal na ang kalagayan niya.” Hallelujah!

Pag-alis ko sa ospital, napuno ng pagmamahal ng Diyos ang puso ko. Nagpapasalamat din ako sa pagmamahal ng Punong Pastor na nanalangin para sa akin at sa anak ko. Dalawang taong gulang na si Isu, at lumalaki siyang malusog.



### Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

#### Manila Manmin Holiness Church

168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas  
Pastor Jaebhong Uhm  
0977-329-4789

#### Bataan Manmin Holiness Church

067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas  
Pastor Jaebhong Uhm  
2-735-1423

#### Isabela Manmin Holiness Church

Purok 3, Brgy. San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas  
Pastor Jaebhong Uhm  
0977-329-4789

#### Cavite Manmin Holiness Church

5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen. Trias, Cavite, Pilipinas  
Pastor Sharon Cho  
046-850-3193 /  
0916-674-3903 /  
0905-319-8191

#### Imus Manmin Holiness Church

Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas  
Pastor Jubeom Kim  
0927-311-7633

#### Cebu Manmin Holiness Church

LOT N. 402 - B-4  
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas  
Pastor Rossetta Sung  
0921-635-7595

#### Davao Manmin Holiness Church

301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas  
Pastor Kathryn Kim  
0908-635-2714